# 1

The cruise touted five different ports in three different countries. Roughly six days ang itatagal niyon—seven, kung isasama ang overnight hotel accommodations sa home port nito sa Singapore.

Habang iniisip ni Louisa kung ano ang kakaharapin niya, naalala niya ang usapan nila ng kapatid na si Mia.

“‘Sunshine Cruise’?” *Louisa Castillo had slowly repeated nang marinig ang official name niyon. “As in, seryoso…* ‘Sunshine Cruise’?”

*“Oo,* ‘Sunshine Cruise’*,” exasperated na isininghal ni Euphemia ‘Mia’ Castillo, ang nakatatanda by five whole minutes sa ‘mala-diyosa-sa-kagandahang’ Castillo sisters, who incidentally, also happened to be the Castillo twins.*

*“Bale, magse-sail kayo from Singapore on Day One,” abiso ni Mia na waring memoryado ang travel itinerary para sa Singapore showcase ng* Sunshine Opal*, ang kulang-kulang na week-long luxury cruise na ‘iniregalo’ nito sa kanya. “Tanghali ng Day Two, ’andoon na kayo sa Penang, Malaysia. Puwedeng*

*magliwaliw buong araw sa Phuket, Thailand on Day Three. May captain's ball pa sa loob ng barko kinagabihan. Sailing, more sailing 'tapos mini-stay sa Singapore on Day Four. Malacca and Kuala Lumpur on Day Five. Back to Singapore to disembark on the afternoon of Day Six. And* voilà*, balik-bansa ka na, Louie!"*

*Ngumiti ito—iyong ngiting nagpo-project ng katapatan at saksakan ng charming. In other words, ngumiti si Mia sa paraang kaya lamang i-pull-off ng isang born artist. Or ng isang commercial model, to be more specific. Sa ngayon ay modelo pa lamang, hangga't hindi pa dumarating ang maalamat na break kung saan gagawing household name ang pangalang 'Mia Castillo' sa buong kapuluan ng Pilipinas.*

*Ang parehong ngiting iyon ang ipinambenta ng kakambal sa softdrink, sa diet iced tea, sa chewing gum, sa laundry detergent, sa wildly popular na cup noodles na sinigang na bangus flavor at sa samu't saring iba pang mga produktong itinampok sa mga patalastas na pinagbidahan nito mula nang tuluyang mag-drop out sa college upang puspusang career-in ang pag-aartista.*

*And as if to emphasize that point, may pahabol pang catch-phrase si Mia. "Libreng-libre, sulit-na-*

*sulit and absolutely no strings attached… Peksman!" Smile, peace sign, project.*

*Ngunit dahil kilala't kasa-kasama na ito sa loob ng dalawampu't apat na taong pamamalagi nila sa daigdig, hindi kaagad nauto ng ngiting iyon si Louisa. "Kung libreng-libre, sulit-na-sulit and absolutely no strings attached ito," ulit niya, "then, ba't ako ang pinapabiyahe mo roon? Ba't di na lang ikaw ang magpunta, aber?"*

*Umiling-iling si Mia. "Gusto ko sana, kaso biglang may ipinasa sa 'king bagong raket si Ate Weng." Si Weng, na ang tunay na pangalan ay Wenceslao Gapas, ang talent coordinator ng kanyang kakambal. "Ang masaklap ay na-confirm ko na sa friend kong Singaporean na sasamahan ko siya doon sa cruise." She sighed. "Kung aatras ako sa usapan ay baka magtampo pa sa 'kin 'yon…"*

*"Eh, sa lagay na 'yan ay aatras ka nga talaga, hindi ba?" medyo nalitong tanong ni Louisa sa puntong iyon.*

*"Bakit naman ako… aatras, gayong makakapunta naman 'ako'?" Sa makahulugang tinging iginawad sa kanya ng kakambal ay tahasang ipinahiwatig ang tinutumbok ng dalaga. "Or to be more precise, may ubod ng gorgeous na babaeng kamukhang-kamukha*

*ko na puwedeng sumipot sa cruise at magpanggap bilang ako? Gets mo na ba, Louie?"*

Na-gets niya. At dahil hindi niya kailanman kayang tiisin ang kapatid gaano man kabaliw ang ipinapakiusap nito, sa huli ay napapayag din nito si Louisa na sumakay sa plano. And by extension, sumakay sa eroplano some three days later at matapos ipangakong bibili ng pasalubong para sa mga kaopisina niya sa *DC*. Seeing as nag-vacation-leave siya on mega-short notice, pasalubong ang ginamit niyang panuhol upang ma-approve iyon ni Sir Ren, ang head designer ng kanilang team.

*Kung kaya heto ako ngayon*, hinuha ng dalaga, habang pahapyaw na dumudungaw sa labas ng bintana ng eroplano sa concrete runway na pinaglapagan. First time na makatiyempong mag-VL after three years at all-expenses paid trip pa—*pero kailangan ko namang magpanggap bilang si Mia*.

Eksaktong 4:45 ng hapon, Sabado nang maluwalhati at matiwasay na nag-landing ang *PAL Flight Number 136* sa *Changi International Airport*. Kulang-kulang na tatlong oras tumagal ang biyahe; kasing-bilis lamang ng inilalagi ni Louisa sa bus sa tuwing mapapagtripang dumayo sa bahay ng kanilang ina sa Batangas City.

Of course, 'Louisa Castillo' pa rin siya sa rehistro ng mga pasahero ng airplane. Ang IDs, passport, credit card, at iba pang mga kakailanganing papeles ay kanya rin. Ngunit ang cellphone niyang naka-roaming ay in-arbor niya kay Mia. Dinala rin niya ang calling cards at isang ID, pati ang *Mastercard* at *BlackBerry* nito.

'Mia Castillo' na ang pangalang tutugunan niya sa sandaling tumapak siya sa lupa sa labas ng airport. Ito rin ang ipang-che-check-in ng dalaga sa hotel kung saan magpapalipas muna siya ng gabi bago sumakay sa cruise bukas ng hapon. At kapag nakipagkita siya kay Miss Kylie Chen, ang Singaporean friend ni Mia na isang modelo rin kagaya nito, sisikapin ni Louisa na alalahanin ang mga ikinuwento ng kakambal ukol sa colleague—at manalangin na hindi nito mahalata na iba siya sa tunay nitong kakilala.

Standard operating procedure lang, given na ilang beses na rin siyang nagpapauto—este, napapapayag na makipag-switcheroo kay Mia.

*Pero nakakapanibago, ha*, patuloy na panambit ni Louisa sa sarili. Nilisan na niya ang kinauupuan, pumanaog mula sa eroplano kasabay ang ilan pang mga pasahero roon. *Usually, pag pinagbabalat-*

*kayo niya ako bilang 'siya', hindi kanais-nais ang appointment na ipinapadalo niya sa 'kin*. Like that time na 'inimbitahan' si Mia ng isang DOM na politiko sa isang charity ball sa probinsya. Wala namang sinubukang gawing kababalaghan sa kanya ang matanda, pero amoy panis na chico ito at talaga namang in love yata sa sariling boses dahil walang preno ang bibig kung magsalita. Or ang isa pang unforgettable incident, para kay Louisa at least, nang mapilitan siyang kumanta sa harap ng mga dating org-mates ng kapatid dahil natalo raw ito sa isang pustahan last year at nangako ng special number ngayong taon. 'Special number' na ang sumagot ay si Louisa, masquerading as Mia, through a perfect—perfectly terrible that is—rendition ng awiting '*Basang-Basa sa Ulan*' ng *Aegis*.

Sa lahat-lahat, gayunpaman, hindi maikakailang nakakakuha ng enjoyment si Louisa sa pagpe-pretend na siya ang nakakatandang kapatid. Ilan nga ba ang ipinapanganak na may parehong mukha, parehong boses, parehong hubog ng katawan? Ilan nga ba ang isinilang na hindi lamang twins, kundi identical twins dito sa mundong ibabaw?

Gaya ng kakambal, 38-B din ang cupsize ng dalaga, slim at relatively matangkad ang pangangatawan para sa isang dalagang Pilipina sa

taas na 5'7". Perfect oval din ang hugis ng kanyang mukha. Bilugan din at mapupungay ang kanyang mga mata, bagaman sa kaso ni Louisa ay naikubli ang ganda ng mga ito sa makakapal na lente ng suot niyang salamin. Near-sighted sila pareho, pero mas malubha ang sa kanya. Katamtaman lamang ang tangos ng kanyang ilong. Naturally pouty at rosy pink din ang kanyang mga labi.

Taliwas sa madalas i-portray sa mga nobela at pelikula, hindi tahasang magkaiba ang kanilang ugali. Distinct ang personalities nilang dalawa, true, but they weren't exactly polar opposites. Kapwa sila palabiro at masayahin, lubhang mabusisi sa pananamit at may kinalakihan nang hilig sa chichacorn, *Cornbits*, *Boy Bawang* at iba pang brands ng tostadong butil ng mais.

Iyon nga lang, whereas may pagka-acerbic ang sense of humor ni Mia, si Louisa ang tipo na madaling matawa sa kakatwang mga bagay-bagay at mag-crack ng jokes na may pagka—well… corny. Daw.

Oo nga't pareho silang particular pagdating sa clothing, but while Mia favored dresses and skirts that were more often than not, may kataasan ang hemline, the better para i-show-off ang kutis-

porselanang legs nito at handa ring magtiis mamulikat sa four-inch heels kung kinakailangan, hindi hamak na mas practical ang taste ni Louisa sa pananamit. Pero chic pa rin. She would opt for dress shirts and high-necked blouses na kadalasang itineterno sa hip-hugging slacks. Very infrequently, napagtitripan din niyang mag-skirt, pero just-above-the-knee lang ang pinakamaikli niyang naatim na isuot. Bilang isang patternmaker at aspiring designer sa *DC*, isang clothing label na ang product line ay primarily formal and business attire, you could say that more or less ay suited si Louisa sa kanyang trabaho.

And other than the previously mentioned fact na die-hard loyalist siya ng chichacorn (as opposed to Mia na nag-switch ng allegiances hence sa *Boy Bawang* bilang favorite kutkutin nito), may mangilan-ngilan pang ibang aspeto sa kanila na magkaiba man ay hindi ganap na magkasalungat. Kumbaga sa inumin, pareho silang *café au lait*; may halong hazelnut nga lang si Mia, habang si Louisa ay asukal na may kaunting vanilla. Kumbaga sa chichirya, si Mia ang chili-cheese flavor na *Boy Bawang* at siya naman ang orihinal na garlic. Kumbaga sa merienda, ang kanyang ate ay pansit Malabon, samantalang palabok espesyal si Louisa.

*Mmm… palabok.*

Bunsod marahil ng mga katakam-takam na alegoryang nabanggit, bigla na lamang kumalam ang sikmura ng naturang dalaga. At dahil ever ay sadyang sutil ang acoustics ng pahamak niyang tiyan, it was loud enough para marinig hindi lang ng iilang mga tao roon sa baggage claiming area ng airport.

Inexorably mortified, sinikap ni Louisa na dedmahin ang mildly curious looks na iginawad sa kanya ng mga ito. Sa may pakanan ng conveyor belt, isang chubby na ginang ang napangiti. It was a good-natured smile, walang bahid nang malisya, so kahit hiyang-hiya ay nginitian din niya ito.

*'At least di ka nautot, hija,'* that smile seemed to say.

*'Oo nga po, ano?'* ang siyang tahimik na tugon niya roon. Still, kakatwang iisipin na sa dinami-rami ng puwedeng kainin doon sa Lion City ay pagkaing Pinoy pa ang unang hahanap-hanapin ng kanyang palate. Dapat kasi umoo na siya sa inalok na sandwiches at bottled water ng mga stewardess sa flight kanina. Nagkalaman pa sana kahit papaano ang kanyang bituka.

Oh well, puwede naman siyang magpakabusog mamaya sa hotel pagka-check in niya. Kinuha niya ang kanyang mga bagahe, making a mental note na itago ang tag kung saan nakasulat ang kanyang pangalan at contact details mamaya at kampanteng nagpatuloy sa kanyang ibang dapat pang asikasuhin papalabas ng CIA.

Nagse-serve kaya sila ng palabok sa *Sheridan Hotel*?

With that thought in mind and blissfully unaware of the surprise waiting for her at the airport's main entrance, Louisa headed off to customs.

BY NATURE, Adrian Buenaventura was not a man of surprises. Mas komportable siya sa mga bagay na planado at predictable; mas palagay ang loob sa isang buhay na de-numero at tumatakbo according to schedule.

Which was why he wondered, and not for the first time mula nang mag-taxi siya patungo sa *Changi International Airport*, kung ano ang nakain niya at nagawa niya ito.

'Ito' being ang pasya niyang personal na sunduin sa paliparan si Mia, his girlfriend of nearly a year

and a half, nang walang pasabi o pasubali sa dalaga. On impulse. Wala lang. Bigla na lang niyang naisip habang papauwi nang maaga mula sa pahabol na conference na kinailangan niyang daluhan, a day and a half before officially going on vacation leave with the said girlfriend. The next thing he knew, he was telling the cab driver na iba na ang gusto niyang puntahan—"*Make that Changi International Airport instead, please, Xian Sheng*."

Kung kaya heto siya ngayon, nakaabang sa *Gate 12*. Still in his charcoal gray business suit and penny loafers, naghahandang salubungin ang kanyang largely unsuspecting na kasintahan sa sandaling sumulpot ito mula sa Arrivals. Taliwas iyon sa napag-usapan nila na magkita na lamang at six p.m. sa *Sheridan Hotel* pagkatapos ng flight ng dalaga.

Surprise her, in other words.

*Ang tanong po, mga kaibigan*, tahimik na dugtong ni Adrian sa sarili, *ay kung masosorpresa nga kaya siya*. Smiling wryly to himself, he surveyed the steady drove of people arriving at the main entranceway. *And if I did surprise her—for once, kung magugustuhan niya 'tong pagka-spontaneous ko.*

Not by much. Wala ultimong nag-iba sa porma at hitsura niya mula nang huli silang magkita a year

before. Precise at maigsi pa rin ang tabas ng kanyang maitim na buhok na kahit pasumping na suklayin niya ay may pasaway na forelock na lumalaylay sa kanyang noo. Hindi pa rin lumalagpas sa 5'9" ang kanyang height. Physically fit pa rin siya at athletic ang katawan salamat sa tennis at ang infrequent basketball games na sinasalihan niya with his other colleagues in the company. Architect pa rin siya sa *Cangjie Conglomerate*, isang multi-national building and construction firm na nagha-handle ng projects both in the Middle East and Asia Pacific.

Same old Adrian, walang ipinagbago.

Maliban sa ngayon ang pinakaunang araw na muli silang magkakatagpo in twelve months, when he finally decided to do something out of the blue at subukang sorpresahin ang dalaga.

Matagal-tagal na rin siyang kinakantiyawan ni Mia tungkol sa pagka-'boring' kuno ng kanyang way of life.

*"May isang taon lang ang tanda mo sa 'kin, pero sometimes it feels like ten years,"* was how she had once put it. *"Guwapo ka nga lang, and definitely a whole lot easier on the eyes."*

Tinawanan lamang niya noon iyon, taking the

comment in stride. Kung mataas-taas pa ang level ng pagka-antipatiko niya ay *"Teenager ka pa rin kasi kung kumilos"* ang ire-retort marahil ni Adrian doon. Pero dahil hindi siya ganap na antipatiko at dahil tunay na mahal na yata niya ang kasintahan, nanatiling tikom ang kanyang bibig sa ano mang mapanudyong salita nito. And in truth, ang pagkamasayahin at medyo child-like na kakulitan ni Mia ang lalong naka-attract sa binata, that time na nagkita silang muli sa isang bar sa Taguig, noong sa Pilipinas pa siya nakabase.

She had kissed him then, malamang natuwa at na-amuse dahil hindi niya magawang patulan ang pang-aalaskang iyon at maingat namang inakbayan ni Adrian ang makinis na balikat nito. A couple of months later, in-assign siya ng *Cangjie* sa layout ng east wing ng isang itatayong hospital sa Dubai. Walong buwan siyang nanatili sa Middle East hanggang ilipat sa *Oida Skyrise* account sa Singapore. And finally, matapos ang ilang linggo rin ng careful planning at pag-a-adjust ng pareho nilang admittedly hectic schedules, here he was: Waiting for Mia, his sweet, beautiful girlfriend, para simulan ang kauna-unahan nilang get-together after one year of phone calls, e-mails and online chats. Wondering if she would be the same old Mia sa

personal, walang ipinagbago o kung si Adrian pa in fact ang masosorpresa kapag nakita muli ito.

He could hardly wait.

*“Passengers for Flight 162 to New York, please proceed to Gate 11.”* Inulit pa ang anunsyong iyon sa salitang Mandarin at sa tatlo pang ibang mga lenggwahe. Sa gitna ng alingawngaw nito, namataan ng binata ang pamilyar na pigura ng isang babae: tall, lean and still breathtakingly gorgeous as ever.

“Mia!” he called, waving his hand.

Waring natigilan, lumingon ito sa kinaroroonan ni Adrian. Bakas man ang bahagyang pagkalito sa mukha ng dalaga, agad na napawi iyon nang makilala siya. Smiling, he jogged closer para tulungan itong bitbitin ang mga dala-dala nitong bagahe.

“Adrian…?” medyo bewildered na bati ni Mia sa kanya. “Look, I’m afraid you’re—”

“Early?” pakli niya.

Dagling napakurap ito.

“I came to pick you up,” magaang na patuloy ng binata, stating the obvious. He lovingly pinched her cheek. “Naks, ang cute mo pala pag nabibigla. I know we’re supposed to meet at the *Sheridan* this

evening, pero maagang nag-adjourn 'yung directors namin sa firm today. Since na-confirm ko na bumaba na 'yung flight mo…" he proclaimed, a self-satisfied smirk punctuating the sentence, "napagpasyahan ko na sunduin ka."

Hindi niya mawari kung bakit subalit tila natagalan bago lubos na maproseso ni 'Mia' iyon. Nang sa wakas ay may itugon ito, ang tono ng pananalita ng dalaga ay hesitant, maingat. Na animo nagugulumihanan pa rin.

"I-is that so?" sabi nito.

"Yup." Tumango si Adrian, bagaman mildly weirded out sa less-than-thrilled reaction ng kasintahan. He presented himself to her, arms extended. "So ano'ng say mo ngayon, huh?"

That blank look again. "Ha?"

"Spontaneous," pamakli roon ni Adrian. Beaming at her shyly, proudly, hinawakan niya ang kanang kamay ng dalaga at pinisil iyon. "I did something spontaneous for once. Type mo ba or would you settle for the same old boring Adrian na masuwerteng naging boyfriend mo, Mia?"

At the mention of her name, mistulang nakawala sa pagkatameme ang kausap. "Actually,

A-Adrian, nagka—" panimula nito ngunit ang kung ano man sanang idudugtong doon ni 'Mia' ay kagyat na naputol nang hagkan ng binata ang mapupula nitong mga labi.

Isa iyong halik na matagal na niyang binalak isalubong sa kasintahan: gentle, yet at the same time firm and sincere… to make up for the entire year na hindi sila nagkasama. It was a kiss that left a buzz on his lips, the scent of jasmine—nagbago siya ng pabango?—fresh and enticing in his nose and a sudden, albeit unsurprising, ache in his groin. Nang humiwalay siya rito upang makahinga, he noted with satisfaction na namumula at mamasa-masa ang mga labi nito, na napapikit din si 'Mia' in the heat of their kiss at waring ngayon lamang muling natauhan sa kung nasaan sila at sa mga tinging ipinukol sa kanila ng mga nagdaraang tao.

"I've missed you," bulong ni Adrian sa dalaga, looking deep into those familiar brown eyes. Mga matang makikilala niya kahit saan. Mga mata ni Mia Castillo, ang babaeng kanyang pinakakinababaliwan sa buong daigdig.

# 2

Mint and orange ang nalasahan ni Louisa. Iyon at ang init ng bibig ng binata na nangahas humalik sa kanya sa mismong bulwagan ng airport. Nayanig ang kanyang bahay-bata. Nagsitindigan ang kanyang mga balahibo. Bumilis ang tibok ng kanyang pasaway na puso. Sa kalagitnaan ng medyo surreal na tagpong iyon, iisang bagay ang umalingawngaw sa diwa ng dalaga: *What the hell?*

Internal exclamation iyon na waring naka-endless repeat habang kausap at dahil hindi sukat sigurado kung ano ang gagawin, naki-play-along sa assumption ni Adrian na siya si Mia.

Ngayon, safe and sound na nakapag-check-in sa room 1512 ng *Sheridan Hotel*, kahahatid lang doon some fifty minutes ago ng parehong lalaking sumalubong sa kanya sa paliparan, ganap na nabatid ni Louisa ang katotohanan sa likod ng pagpapapunta sa kanya roon ng kakambal. Katotohanang nakasaad sa priority mail na pinadala nito sa kanya in advance. Sulat na iniabot ng receptionist kay Louisa sa eksaktong sandali na mag-check in siya sa *Sheridan*.

Mahaba-haba ang paliwanag, ngunit ang siste ay

nakakuha si Mia ng role sa isang upcoming teleserye sa isang major TV network. Dangan lamang ay dumating ang offer na iyon kung kailan nakaoo na ang kakambal na magku-cruise kasama si Adrian. Unwilling to disappoint her boyfriend, naisipan ni Mia na si dear old 'Louie' na lang ang papuntahin sa cruise—as 'Mia'.

"Baliw na talaga," was all Louisa could mutter beneath her breath matapos marating ang pinakadulo ng liham. "May pa-heart-heart pang nalalaman." Ang sulat-kamay, pati na rin ang heart shape katabi ng lagda nito, was unmistakably Mia's.

*Like there could be any doubt*, tuyot na dagdag ng isip ni Louisa, *gayong sa tono at vocab pa lang ay dead giveaway na.*

Resisting the urge to crumple the letter—all two pages of it, minabuti na lamang niyang isilid ang sulat sa sobreng pinaglagyan nito. Initsa niya iyon sa ibabaw ng bedside drawer katabi ang ceramic lampshade na nakapatong doon. Saka siya nagpatihulog pahiga sa kama at patiwarik na pinagmasdan niya ang impressionist painting ng snow drop blossoms na nakatirik sa dingding sa ulunan niya.

What the hell was her sister—her older, yet

obviously less mature and more-than-probably crazy twin sister—thinking?

And what had Louisa herself been thinking, for that matter, sa orihinal niyang pagsakay sa kapritso nito? Bago pa niya malaman na sa halip na female friend, ang lalaking boyfriend pa rin pala nito ang makakasama at lilinlangin niya, wala siyang naging tahasang pagtutol doon? Na 'enjoy' pa nga siyang gawin iyon, just because they looked exactly alike and could definitely get away with it?

And bakit si Adrian Buenaventura pa, of all people?

"Hay," ungol niya, habang isinukob ang mga mata sa ilalim ng mga braso. The movement caused her to automatically glance at her wristwatch na ang ipinahatid na oras ay 5:38 p.m.

GMT+8 din sa Singapore, kaparehong time zone sa Pilipinas, so awa ng Diyos ay hindi niya pa kailangang i-adjust ito. Hindi rin siya dapat makadama ng jet lag, but she did. Sa halip na magpakabusog gaya ng una niyang binalak, mas type niya yata ngayong magkulong sa kuwarto at matulog. Huwag na lang sumipot sa dinner na ipina-reserve ng Adrian na iyon sa *Velvet Room*. Hindi naman siya pinipilit ni Mia to go through with

the whole thing—*and she shouldn't*, Louisa added silently to herself—so magdadahilan na lang siya sa pobre at magpapa-book ng flight pabalik ng Metro Manila this very evening.

Nakapagpasya nang iyon ang tamang course of action, bumalikwas si Louisa sa kama at inabot ang kanyang handbag, rooting for her cellphone. Tatawagan niya ang airlines para makauwi na mamayang gabi, pero bago iyon ay maglo-long-distance muna siya. She fully intended to personally give Mia a piece of her mind when she got back, subalit sa ngayon ay bibigyan niya ito ng patikim.

*Thank God for roaming*, hinuha ng dalaga sabay pindot sa pinaka-recent na numero ng kapatid. Ngunit in-anticipate na yata iyon ni Mia, sapagkat voicemail nito ang bumati sa kanya a couple of beeps later.

Tiyempo namang biglang tumunog ang kanyang cellphone. Blinking, nagmamadaling tinawid ni Louisa ang kuwarto upang sagutin iyon.

"Hello?"

"Mia?" karaka ay bungad ng boses ni Adrian sa receiver ng telepono.

Briefly considering na ipulupot ang cord sa

kanyang leeg, "Yes, Adrian?" ang itinugon niya rito. Maaaring nagbabalak na siyang umuwi ng Pilipinas ngunit hindi niya pa rin ibubuko ang kakambal.

Besides, this would be the perfect opportunity to call off the cruise.

Brutal kung iisipin, but what could she really do? Going along with Mia's ingeniously crazy idea was out of the question.

"Getting ready for dinner?" tanong ng binata. His voice was dry yet satiny smooth over the phone, tahimik na puna ni Louisa. Not unlike the feel of his lips when… well, nang halikan ni Adrian ang inaakala nitong si 'Mia'.

"N-not exactly," she replied, steeling herself. *Now or never na, Louisa.*

Taliwas sa inaasahan, natawa lamang ito. "Huwag mong sabihing nagpapa-late ka na naman, Mia," pa-chide ni Adrian. "Nangako ka na sa 'kin, 'oy. 'Tanda mo n'ong huling date natin last year, the one in *Club Indigo*? Ikaw ang nagyaya, pero pinaghintay mo 'ko r'on for three hours…"

Louisa frowned. Three hours? Exaggerated na siguro iyon. While Mia was not the most punctual person in the world, hindi naman siya ganoon ka-

tardy. “Um…”

“Kung hindi lang kita mahal,” panapos ng binata. Pabiro ang pagkakasabi nito roon, ngunit kahit sa telepono ay nadama pa rin niya ang sinseridad sa likod nito. “Ano, na-guilt-trip na ba kita?”

Sobra. Which was funny, since hindi siya ang totoong may kasalanan sa isinalaysay nito.

Aloud, Louisa uttered, “Medyo.”

He chuckled. “Anyways, hindi naman ’yon ang rason kung bakit kita tinawagan,” Adrian declared. “Tungkol ’to sa cruise bukas. Remember how you wanted one of the balcony suites, pero puro pa-loob lang ’yung available na stateroom nila?”

“Uh, sure…” maingat na tugon niya. She was stalling, and she knew it, ngunit hindi niya magawang sabihin dito ang dapat sana ay sinabi na niya bago pa man makaalis sa *Changi Airport*.

“Well, I just received a call from the booking office and guess what?” masayang patuloy ng binata.

Kahit pa may kutob si Louisa that the longer she continued listening to Adrian, lalong lumalabo ang tsansa niyang makauwi ngayong gabi sa Pilipinas. “A-ano?”

"Mayroon na pala silang available balcony suite sa Deck 10," masiglang sabi ng kausap. "Nag-cancel 'yung couple na nagpa-reserve sana n'on so now they're offering the suite to us. We've got exactly fifteen minutes to tell them 'yes' or 'no'. So ano, Mia? Think we should take it?"

Nayari na. With a sinking feeling in her chest at tahimik na isinusumpa ang mala-mamon niyang puso, iisa lang ang naging sagot ni Louisa sa puntong iyon.

"OO NA NGA sabi."

"Sure ka, Louie?"

"Sure na sure." Dahil kagabi pa nagoyo na tanggapin ang inilaang tadhana, ang dalagang 'Louie' kung tawagin ng kanyang kapatid ay napabuntong-hininga. "'Andito pa rin ako sa Singapore, hindi ba?"

Alas diez na ng umaga nang sumunod na araw, iilang oras bago ang three p.m. departure ng *Sunshine Cruise* mula sa port ng naturang siyudad. Kakatapos lang niyang mag-almusal nang tumawag ang kapatid. Feeling suddenly dizzy, kahit nakatulog naman nang mahimbing matapos maghapunan kasama si Adrian, isinandal ng dalaga ang ulo sa

pinto papasok sa bathroom ng kanyang suite, sa hotel kung saan naka-register siya bilang 'Mia Castillo'.

"Suwerteng may last-minute office churva pang aasikasuhin ang boyfriend mo today, so di kami mag-mi-meet 'til boarding time na. But last night, nakipag-dinner date naman ako sa kanya, gaya n'ong habilin mo sa sulat."

*And before that*, sutil na dagdag ng diwa ng dalaga, *hinalikan niya ako, Mia.*

*Thinking I was you,* of course.

"And…?" Mia's voice intruded.

Louisa blinked. "And ano?" *And I guessed I kind of kissed him back pero na-carried away lang ak*—

"How did it go?" inip na pa-follow-up ng kakambal. Mahigit isang libong milya ang layo sa kanya, mababatid pa rin sa tono ng pananalita nito ang almost child-like excitement ng tunay na Mia. "Nakahalata ba si Adrian?"

Umiling siya. Force of habit lang iyon siyempre, Louisa knew full well na hindi siya nakikita ng kausap. "As far as I know, hindi naman," sambit niya sa mobile phone. Forcefully trying—in vain—to shove away thoughts of that kiss from her mind, she

affected a thoughtful frown. “Though n’ong sinundo niya ’ko sa airport—totally unexpected, let me add—nagmukha akong tanga. Gaga ka, sana man lang naisip mong i-relay sa ’kin ’yung instructions mo bago ako umalis ng Pilipinas.”

“Kamalayan ko bang maagang magtatapos ’yung conference niya or that he’ll personally come pick me up at the airport?” depensa roon ni Mia. “Ang masaya, eh, lusot ka pa rin; mabilis kang nakapag-isip. You don’t know how thankful I am na hindi mo ako ibinuking, Louie.”

“Nambola ka pa.”

“Sincere ako, ano. You’re the best sa pinaka-best na twin sister in the whole wide world!”

“Na hindi mo man lang naikuwentong nag-e-exist sa supposed boyfriend mo,” dugtong niya.

It took a bit of questioning over dinner, but it became quickly apparent na hindi batid ni Adrian na may kakambal—let alone identical na kakambal—ang girlfriend nito.

“Not entirely true,” siyang balik ni Mia. “He knows na mayroon akong nakababatang kapatid named Louisa. What he doesn’t know is that identical twins tayo.”

“At ‘nakaligtaan’ mo lang ba ang mumunting detalyeng iyon or do I smell a set-up in the making?”

Nang hindi kaagad nakasagot doon ang kapatid, binulyawan ito ni Louisa. “Mia!”

“It all worked to our advantage naman, di ba, Louie?” pagdaka ay rasonableng tugon ng nakatatandang Castillo twin. “You get to go on a cruise, I get my break and Adrian won’t even suspect a thing! All you have to do is pretend that you’re me, and everything will go smoothly.”

At this, nagtaas ng kilay si Louisa. “Eh, paano naman kung…” *halikan* “… gapangin niya ako, aber?”

“Eh, di magpagapang ka.”

“Mia!”

“Joke lang, sira.” A chuckle. “You know you could always tell him na nireregla ka. Tapos ang usapan. Though I seriously doubt he’d try anything funny,” dagdag nito. “I’m sure it’s obvious sa hitsura pa lang niya, ubod ng good boy ’yang si Adrian. To the max. Isang living, breathing testament sa naglalahong lahi ng kalalakihang Pilipino na totoong naniniwala sa marriage muna bago sex.”

Sa pagkakaswal ng deklarasyong iyon ng kapatid—walang fanfare, take it or leave it—Louisa found herself actually believing her. Or believing that Mia—ang mas cynical and single-minded niyang 'elder' sis—truly believed her own words.

Which was practically one and the same, for anyone who knew one Mia Castillo.

Napabuntong-hininga si Louisa. "Okay," bitiw niya. "Sinabi mo, eh." Subalit pinalubag-loob man na hindi 'ganoon' ang boyfriend nito, dagling bumalik sa alaala ni Louisa ang dampi ng mga labi ng binansagang 'good boy' ng kapatid. Napapikit siya. "Eh… what about 'yung, uh, 'yung…" –kissing— "…PDA? Cool ka rin ba d'on?"

"I'm the one who set you up to pretend as me, remember?" sagot ni Mia, na waring hindi man lang natinag sa itinanong ng kakambal. "That basically means ipinapaubaya ko sa judgment mo kung paano magiging convincing ang iyong pagbabalat-kayo bilang yours truly. Buo ang tiwala ko sa 'yo, Louie; why else am I confident to leave Adrian in your hands?"

*Huh, why else nga ba?* Fighting back a pang of guilt, Louisa replied, "Fine.  Na-touch ako r'on, ha."

"Echos!"

"Totoo." Tumikhim siya. Pinilit mapanatiling mahinahon at wala lang ang kanyang pananalita. "Matanong ko nga lang, Mia, pero anong milagro ba ang naganap at boyfriend mo pa rin pala si Adrian?"

As a rule, Mia did not believe in long-distance relationships. Nang mabalitaang madedestino si Adrian sa Dubai mere months matapos official na maging 'sila', both Louisa and their mom were of the assumption na tinapos na rin nito ang relasyon sa binata.

Which was well and good, or so naisip niya noong panahong iyon na malaman niyang nag-abroad na pala ang kasintahan ng kakambal. Ng kanyang ate. But now—

"Well, to tell you the truth, plano ko nga noon na makipag-break sa kanya," kuwento ni Mia na kagyat sumeryoso—medyo—ang tono. "But in the end, I just couldn't. Adrian… he's different from all the other guys I've dated. He's special." A pause. Mula sa kabilang linya, dinig ni Louisa ang pagbuntong-hininga nito. "Medyo corny kung sabihin, but I really, seriously think he's 'the one'. Na siya na ang lalaking inilaan sa 'kin ng Maykapal, Louie."

*If he's so 'special', bakit di man lang niya nahalata na ibang babae ang nakahalikan niya sa airport?*

"Mukhang kailangan mo na ring bawas-bawasan ang chichacorn intake mo, sis."

"*Boy Bawang*," natatawang pagtutuwid nito. "But yeah, maybe I should."

Marami-rami pa silang napag-usapan kasunod noon. Primarily ay inabisuhan siya ng kakambal ukol kay Adrian, kung anu-ano ang mga hilig nito, at kung ano ang alam nito ukol sa kanya. Which was pretty much the same thing na una nang tinalakay ni Mia hinggil sa 'Singaporean friend' nito.

Nagkuwento rin ang kapatid ukol sa dinaluhan nitong briefing sa bagong show nito, ang paalala ng kanilang ina na tawagan ito sa Batangas at mga pina-relay (i.e. karagdang pabili) ng mga katrabaho ni Louisa sa DC mula nang magbakasyon siya. Mag-a-ala-una na ng hapon nang sa wakas ay magpaalam silang magkambal sa isa't-isa.

Sa ikinahahaba ng kanilang usapan, nabigo si Louisa na iwaglit sa kanyang isipan ang alaala ng halik ng isang Adrian Buenaventura. Ng lalaking buong-kakornihang idineklara ng kapatid na inilaan dito ng Maykapal.

Ng lalaking dapat niyang papaniwalaing siya nga si Mia, ang girlfriend nito, sa napipinto nilang six-day cruise sa tatlong bansa sa Timog-Silangang Asya.

Ng lalaking hindi niya dapat mahalin—not again—ano man ang mangyari. Gaano pa man kahusay ito humalik.

Louisa heaved a sigh. Muli niyang tinanong ang sarili kung tama nga bang pumayag siyang mag-proxy na naman bilang Mia. Kung ngayon pa siya aatras, hindi lang si Adrian kundi ang sariling kakambal ang sasama ang loob sa kanya.

Pumasok na si Louisa sa banyo.

Three p.m. ang boarding time ng kanilang barko. She was to meet Adrian at the harbor at exactly 2:30.

# 3

"Sino ka at ano ang ginawa mo sa totoong Mia?"

Nagkukunwari man o totoong nabigla, dagling natigilan doon ang kinausap. "H-ha?"

"Dalawang magkakasunod na beses ka na kasing hindi nale-late," nakabungisngis na paliwanag ni Adrian. "N'ong nag-dinner tayo kagabi tapos ngayon. Nakakapanibago lang."

At his words, 'Mia' appeared to regain her composure right away. "Well, sorry to disappoint you, pero ako nga ito," anang dalaga na nagpamaywang pang umastang na-offend sa paratang niyang iyon. After three seconds, ngumiti rin ito.

And Adrian found himself falling in love all over again.

"Saka ikaw na rin ang nagsabi na bawal ma-late, di ba?" totally oblivious namang patuloy ni Mia. "Kesyo baka iwan tayo ng barko."

He grinned. "At naniwala ka naman?"

"Ewan! Halika na nga't umakyat na tayo."

“Whatever you say.” Natatawang hindi, nagpahila si Adrian sa kanyang girlfriend patungo sa deck ng barko.

*She’s changed*, biglaang nahinuha niya sa sarili. *Nothing drastic or absolute, by all means, but still she seems a bit… different, somehow.*

Trying not to frown, tahimik na pinag-aralan ng binata ang hitsura ng kasintahan. Hindi lang iyon dahil nag-iba ito ng pabango o dahil sa naka-salapid ang mahabang buhok nito sa istilong dati na nitong idineklara na passé at pang-manang.

It was the way she smiled just now, that was what bothered him. May kibot sa mga labi ng dalaga na minsan lang niyang nakita noon, noong hindi pa sila pormal na magkakilala. But back then ay malungkot ito, basang-basa sa ulan, nag-iisa. Sa kabila noon ay nagawa pa rin nitong ngumiti sa kanya; na mugto at luhaan ang mga matang pasalamatan siya sa pagtulong. Na nagpamalas ng katatagan ng loob at kabaitan sa isang estranghero.

He hadn’t seen her smile like that since, kahit pa noong ma-reintroduce sila sa isa’t isa ng mga kaibigan nito some three weeks later. Ang ngiting iginawad noon kay Adrian ni Mia Castillo, ang babaeng bumihag sa kanyang puso ay naglaro sa

pagitan ng cool professionalism and warm, disarming friendliness. In other words, ngiting-artista. It was a smile he grew to love just the same. Na nakasanayan na niya sa bawat date na nagdaan at lubos niyang nakilala ang dalaga.

To suddenly see her smiling that same smile she had used when they had truly met for the first time… It surprised him. Unnerved him, even.

Strange enough, nang sunduin niya si 'Mia' sa airport ay kakatwa ang ikinilos nito. Waring distracted ang dalaga at hindi rin mapakali sa kung anong kadahilanan. At kahit nanatiling sweet, hyper at malambing ito sa kanilang mutual e-mails at infrequent online chats, tila nanlalamig na naiilang ang pakitungo nito sa kanya mula pa kahapon. Other than the kiss that they had shared at the airport, ultimong yakap o halik sa pisngi ay either iniwasan nito o di kaya ay pabiro—ngunit tahasan—na hindi pinahintulutan. Maging nang nakaraang gabi, nang dumating ito eksaktong alas seis sa dinner date nilang dalawa, ostensibly back to her usual vibrant self, hindi rin naiwasang mapansin ni Adrian na hindi ito makatingin sa kanya nang derecho.

Na waring may kung anong hindi nito masabi sa kanya. Na para bang may itinatago ito.

Inwardly, he frowned. Pinisil ang kamay ng kasintahan.

Still singularly stunning in her short white dress, the sea breeze ruffling her hair against her cheeks, 'Mia' looked back at him, beaming happily.

Adrian smiled back. And wondered, hindi lang miminsan sa pagsisimula ng kanilang cruise, kung ano ang pilit ikinukubli ng dalaga sa likod ng nakabibighaning ngiting iyon.

SA UNANG TUNTONG pa lamang sa Deck 5 ng *Sunshine Opal*, ang mala-gusali sa laking luxury liner para sa six-day Asian tour ng *Sunshine Cruise*, hindi na naitanong pa ni Louisa kung bakit 'floating hotel' ang bansag sa mga kauri nito. Viewed from afar, it made a certainly impressive sight; painted ivory white mula sa casco nitong mala-*Araneta Coliseum* ang lawak hanggang sa tuktok ng ikalabing-isang kubiyerta nito. Ngayon mismong nakasakay na siya roon, hindi na mahirap akalaing na-transport sila sa isang five-star hotel o upscale shopping center.

Isang five-star hotel o upscale shopping center na napapaligiran ng malamig na asul ng tubig-alat. Marmol ang upper half ng mga dingding, kulay jade

green. Pumares iyon nang maigi sa mga pahabang bloke ng pinakinis na kahoy sa ibabang gilid nito, pati na rin sa kisame na concave at kulay puti. Bukod sa tinted glass sa bahaging papalabas sa balkonahe, puwedeng manalamin sa marmol at polished wood na finishing ng sahig. May kung ilang mga pasahero—Koreans mostly, a few Japanese, mga bagong-kasal at mangilan-ngilang may-edad mula marahil sa Amerika, Australia o Europa—ang na-reflect sa makintab na surface nito.

Papaloob, patungo sa glass-paneled atrium na nagsisilbing lounge, snackbar at indoor recreational area nito, maririnig ang malamyos ngunit mapaglarong himig—isang Chinese folk song, perhaps?—na binigyang-buhay ng pinagsaliw na plauta, pianoforte at biyolin.

"Welcome aboard," malugod na bati ng 'welcoming crew' na sumalubong sa kanila sa gallery ng barko. Parang echo, isa-isa namang sinambit ng mga ito—all tall, elegantly groomed young women na mapagkakamalan mong mga flight stewardess sa unipormeng suot—ang equivalent noon sa lengguwahe ng mga siyudad na iikutin nila.

*"Huan yíng."*

*"Selamat datang."*

*"Yindee dton rup."*

"Mabuhay!"

Ang huli ay masiglang pahabol sa kanila ng isang slim and attractive na babae sa grupo. Sa unang tingin ay aakalaing purong Chinese ito. Ngunit sa ikalawang tingin, ang bukas at magiliw na ngiti nito ay walang kaduda-dudang Pinoy.

"Salamat," tugon ni Louisa rito, quickly returning the smile. "Mabuhay."

Nakatayo sa tabi niya, nakangiti na tumango naman si Adrian. "Mabuhay." It was addressed to the group of people who welcomed them of course, subalit nanatiling nakatuon sa kanya ang mga mata nito.

Sinikap ni Louisa na hindi tuwirang pansinin iyon. Ngunit sa loob-loob niya, medyo kinabahan ang dalaga. May nagawa ba siya na taliwas sa pagkakakilala nito kay Mia?

Sigurado siyang mula pa noong dinner nila kagabi ay gayang-gaya niya ang kilos, ugali at paraan ng pananalita ng kanyang kapatid. At bagaman pinanatili niya ang sariling hairstyle, makeup at wardrobe, madali namang maipaliwanag sa binata na iba na sa nakaraang taon ang type niyang moda.

If anything, lubhang maiksi ang skirt ng stucco spaghetti strap at sleeveless halter-vest niyang suot. Mia na Mia, wika nga. Nagdala rin siya ng high heels bagaman two inches lang ang takong, but for the meantime ay open-toed sandals ang ginamit niya; bleached-white corded abaca ang panali niyon, habang rubber na pinagitnaan ng corkwood ang suwelas.

Another beat, and then ibinaling sa wakas ni Adrian ang tingin sa cabin boy na naka-assign sa suite nila. Kinumpirma ng binatilyo na nadala na nito ang mga bagahe nila sa kanilang quarters sa Deck 10, Room 1018. Itinanong kung nanaisin nilang magpahatid paakyat doon. They both nodded. Idinirekta sila nito patungo sa isang hallway na may nakahanay na magagarang pinto. Mga pinto na pawang elevators pala.

She really should not have been surprised na may elevator lobby sa isang barko na ganito kalaki, but she was. May malawak na stairway rin sa kabilang gilid nito, subalit hayag na ito ang mas preferred gamitin ng mga pasahero.

*Akalain mo nga naman*, Louisa mused.

Waring napansin iyon, pasimpleng kinindatan siya ni Adrian. Awtomatikong nagpatiuna sa kanya

sa kabubukas na elevator, saka siya inalalayan papasok.

Right. Hindi nila matukoy kung bakit, pero may phobia si Mia sa pagsakay sa mga elevators. Kapag may kasama ito ay okay lang ang kakambal, namumutlang tatayo na lang sa loob na parang tuod at patay-malisyang hahawak sa handrail for dear life. Kapag mag-isa, maghahagdan na lamang ito, kahit sa ika-isandaang palapag pa ang opisinang pupuntahan.

Taking a deep breath para i-channel ang kanyang inner-Mia, Louisa gave her very best impression of a pained, slightly embarrassed smile. Kung kaya lang niyang mamutla on cue, gagawin niya.

Adrian patted her back once, gently, comfortingly.

Lusot, siyang haka ng dalaga once mapindot na ng attendant ang floor nila. Kung kani-kanina lamang ay may pagdududang na-detect si Louisa sa mga mata nito, at the moment ay wala nang bakas noon sa hitsura ng binata. Nagdalawang-isip tuloy siya kung guni-guni lang niya ang lahat.

*Close call nga kaya iyon*, she idly wondered, *o na-paranoid lang ang beauty ko?*

Whatever it was, she'd definitely be more careful

next time. Mabuti na ang nag-iingat sa nagsisisi.

Tumunog ang elevator at huminto. Kagyat na bumukas muli ang metallic na lagusan nito. Overhead, isang automated voice ang nag-anunsyong nasa Deck 10 na sila ng barko.

"Your rooms are this way," ani Kresna, ang bellboy. Nauna na itong lumabas, politely motioning for them to follow.

Ang pinto patungo sa suite nila ay nasa starboard, three doors right mula sa elevator lobby. Adrian swiped their *MagCard* sa corresponding reader slot nito. The door opened with a soft click.

Isang sitting room na nouveau-oriental ang motif and tastefully furnished, ang kagyat na tumambad sa paningin ni Louisa.

"Looks good," she breathed.

"Kagaya mo," pabulong na hirit ni Adrian sa tabi niya.

Bolero. Nag-init ang mga pisngi ng dalaga, ngunit hindi na lang umimik. Itinuon na lamang niya ang atensyon sa kuwartong tutuluyan nila roon.

Katamtaman lang ang laki ng silid kung kikilatisin nang maigi. Ang glass-paneled wall na de-kurtina

at nag-o-open-up sa balkonahe sa labas, kung saan matatanaw ang dagat, ang nagdagdag ng illusion of space dito. Painted ivory white ang mga dingding. May flat-screen TV na naka-mount sa kaliwang dulo ng room, directly above a pinewood bureau. Kaharap nito, sa kanan naman, may malapad na black faux leather divan and four satin throw pillows in varying shades of burgundy. Mayroon namang potpourri at bubble glass candy tray sa mababang mesa katapat ng upuan. Nakahilera sa tabi nito ang mga bagahe nila. In place of the standard carpet, tatami mats naman ang ginamit na flooring sa kabuuan ng kuwarto. It matched well with the folded rice paper screen na bahagyang nagkukubli sa banyo at adjacent doon sa queen-sized bed na may lampshade at picture window—

Louisa froze, suddenly realizing something. Nag-back-track ang tingin niya sa bahagi ng silid na kababanggit lamang.

Hindi ang picture window, kundi ang kama sa ilalim nito—ang puting-puti, ubod ng lambot at nag-iisang kama sa loob ng kanilang kuwarto.

# 4

If looks could kill, kanina pa siya marahil nabawian ng buhay. Sa punto bago pa man umalis si Kresna upang mag-attend sa iba pang cabin-boy duties nito, effectively leaving Adrian to face his girlfriend's wrath. May tatlong segundo matapos matuklasan nila na—

"Iisa lang ang kama." Marahang binigkas ni 'Mia' ang bawat kataga, alinsunod sa magkahalong akusasyon at disbelief sa boses nito. As if hindi pa sapat na pahiwatig ang pagdidilim ng mukha nito para mabatid ni Adrian na hindi ito masaya sa ganoong arrangement.

Himself honestly surprised, in-attempt niyang magpa-cute para ma-defuse ang sitwasyon. "N-napansin ko nga," magaang ani Adrian, sabay kamot sa bandang likod ng kanyang ulo. "Funny, I'd assumed the booking office gave us two beds, gaya n'ong unang ipinareserba natin." Sinubukan niyang tumawa, ngunit sa harap ng nagngangalit niyang girlfriend ay madaling nawala rin iyon sa kanyang lalamunan. Nagkunwaring bumahin na lang siya. "Ehe… well, as it turns out… hindi pala."

Sa patuloy na pananahimik ni ‘Mia’ —nagkibit-balikat na ito, nakasimangot, looking not at him but off to the side, nagkusa na rin ang binata na magprisinta ng sariling remedyo. “Sa sofa na lang ako matutulog.”

Malaki naman iyon. Mukha pang komportable. Granted, hindi iyon sukat kasing-laki o kasing-komportable ng plush queen-sized bed na ugat ng kanilang suliraning pangkasalukuyan, pero puwede nang pagtiyagaan. And if it was any consolation, mas malapit pa iyon sa banyo—

“No,” tugon ni ‘Mia’, shaking her head.

Adrian stared at her. “No?”

She shrugged. “We’ll take turns,” paliwanag ng dalaga na more or less ay nawala ang coldly analytical at nagdududang tingin na ipinukol nito sa kanya kani-kanina lamang. “Bawat araw ay salitan tayo sa sofa. So kung tonight ay sa ’yo ang couch at ako ang matutulog sa kama, bukas, ako na roon at d’on ka naman sa kama.”

“That sounds good.” Tumangu-tango siya, while simultaneously considering other options. “Or we can change rooms.”

“Puwede rin.”

Puwede rin silang matulog sa nag-iisang kamang iyon—they were boyfriend and girlfriend, after all, at swear to God, pure ang kanyang intentions dito. But that, of course, was out of the question. Hindi lamang dahil medyo obvious na hindi boto si ‘Mia’ sa ganoong ideya, kundi ayaw naman niyang lalong maghinala ang dalaga na plinano niya ang oversight na ito. Because he really did not.

“I’m… really sorry,” may pagka-hesitant na dagdag ni Adrian doon, kung sakaling totoo ngang na-offend niya ang dalaga. Moving closer, he enfolded her in his arms, and gave a quick, chaste peck sa noo nito. “It was an honest mistake.”

Bahagyang nanigas man si ‘Mia’, manaka-naka ay napangiti ito. “I believe you naman, eh, Adrian.”

*YEAH, RIGHT*, later ay isisinghal ng born-skeptic internal voice ni Louisa. *Honest mistake my foot.*

Night time na, and to celebrate their first night aboard *Sunshine Opal*, they had chosen to have dinner at *Marlin’s*, isang bar and grill resto roon. Masarap ang pagkain: grilled salmon with dill for the main course, with side servings of baked potato, veggie salad at butter caramel mousse for dessert.

Maganda rin ang ambience; doon sila sa balcony area nakaupo, nagbababad sa night sky at sa preskong hangin ng dagat.

As for the company—meaning Adrian, na guwapo pa rin kahit naka-puting t-shirt at drab gray cargo shorts lamang, well, she had to grudgingly admit na enjoyable ito. Sort of.

Yesterday, noong una silang nag-dinner sa Singapore, abala pa si Louisa na mawindang sa mga nangyari para ma-appreciate ang conversational skills ng binata. Ngayon, more or less ay nakapag-settle-down na siya. Napayuhan na rin siya ng totoong Mia sa kung ano ang ikikilos at sasabihin sa boyfriend nito.

Sa pagka-sweet at thoughtful na boyfriend nito, who also happened to book them both sa isang suite na iisa lang ang kama. Tapos magpapaka-gentleman kuno at sasabihing sa sofa na lang matutulog. Sure.

So thinking, maingat na nginuya ni Louisa ang patatas sa fork niya. She did not particularly care for potatoes, pero preferred food iyon ni Mia. Adrian was saying something ukol sa pinaka-recent na proyekto nito sa Cangjie, how they were hiring consultants para sa isang garden sa pinakatuktok ng gusali. Tumangu-tango lamang si Louisa for the

meantime ay kontentong makinig dito. Tahimik na nagmumuni-muni siya.

To the guy’s credit, mahusay na nakapag-feign ng surprise si Adrian nang mapag-alamang iisa pala ang bed sa balcony suite na pinaglipatan nila at the last minute sa barko. Kumbaga sa *Motolite* ay ‘kumbinsing’ ito. Mabilis pang nakapag-isip ng palusot.

That is, kung namemeke nga ito.

Pero para maiwasan ang paninindig ng kanyang mga balahibo sa simpleng paggunita sa pakiramdam nang niyayakap nito, mas pinili na lamang ni Louisa na manatiling iskeptiko sa kung ano ang possible ulterior motives ng binata. Paano kung niyaya nito si Mia na makipag-cruise hindi lang para mamasyal at suyuin ito? Paano kung, on top of that, balak din pala nitong maka-score sa kanyang kakambal? Na i-seduce ito?

Sa kanilang magkapatid, si Mia ang mas magaling kumilatis ng pagkatao ng mga lalaki, pero hindi naman nalalayong baka sumablay just this once ang judgment nito. Baka sa likod ng ‘too good to be true’ façade ni Adrian ay may nagtatagong sex-starved beast, naghihintay lamang ng tamang tiyempo para ipasuko ang Bataan sa kakambal.

And what better place to set the right mood than in a romantic cruise? Sobrang kaduda-duda naman ng coincidence na pang-honeymooners pala ang nakuha nilang suite, with soft lights, even softer music at may iisang kamang ubod ng lambot at super sarap higaan?

Mabuti na lang at nakipag-switcheroo si Louisa sa kapatid, kung ganoon. Kahit paano ay nailayo sa panganib ang puri ni Mia.

*Eh ang sariling puri mo, girl, kumusta naman?*

Nasamid siya.

Concerned, sukat tumayo si Adrian upang alalayan siya. "You okay?"

"I'm fine," mabilis na tugon ni Louisa rito. Kinatok-katok pa ang dibdib bilang patunay. Taking another sip off her glass of mango juice, inengganyo niya itong magpatuloy. "So, uh, you were saying…?"

"Nothing much," anang binata, na for a moment ay nagtagal na naman ang titig sa mukha niya. Louisa tried not to squirm in her seat. "Just work, work, and more work." Natawa ito. "Ikaw naman ang magkuwento. You promised you'd update me once we get here, remember?"

What could she say? Kakatapos lang niyang mag-cut para sa fall collection nila ni Sir Ren, pero obviously tungkol kay Mia ang dapat niyang i-relay rito.

Huminga si Louisa nang malalim. "W-well, same din on my end." Nag-debate siya internally kung sasabihing nagka-role ang kapatid—i.e. siya—sa isang teleserye. "Naikuha ako ni Weng ng isang role sa upcoming teleserye ng *MBN*," excited na aniya. Magsasabi siya ng totoo, pero bahagyang babaguhin ang timeline. "Debriefing na namin… uh, the week after next. Wish me luck!"

Tinapos ni Louisa ang sentence with Mia's signature smile, V-sign, project.

"Wow." Kinurapan lang siya ni Adrian. "Good luck, siyempre," sambit nito. "But, it's kinda weird na ngayon mo lang 'to ipinaalam, ha. I would have expected that you'd talk about it nonstop the moment na nagkita tayo."

"Gusto lang kitang sorpresahin," katuwiran ng dalaga. "Bawal ba?"

"Nagawa mo na, ever since sumipot ka on time kahapon. Akala ko tuloy noon, baka nag-ha-hallucinate lang ako—"

"Mag-OA ba."

"I'm serious, I swear!" nakangising sambit ng binata.

*Serious, my foot*. But try as she might, sa huli ay natawa rin siya sa pa-kenkoy nito. Pinanood niyang isinubo ni Adrian ang isang morsel ng fish fillet sa bibig nito, nginuya-nguya iyon na parang may iniisip.

"Nga pala," karaka ay anito. "'Yung younger sister mo… she's a designer, right?"

Saglit na hindi nakahinga si Louisa. "Patternmaker," she corrected cautiously. "Nagtatrabaho, ah… uh, siya… sa *DC*."

"Ah." Tumangu-tango si Adrian, as if that bit of information alone confirmed something. Matamang pinagmasdan muli siya nito. "Malapit ang hitsura n'yo sa isa't isa?"

"M-magkahawig kami." *And boy, are we ever.* "Actually, pag titingnan mo kami mula sa malayo, we're practically… twins." She beamed at him, Mia-like. "Pero mas gorgeous ako."

Another nod. "That explains it, I guess," kontentong usal ng binata. He smiled. "Remember

Troy, 'yung senior arch ko dati sa Pilipinas?"

Hindi iyon naikuwento ni Mia sa kanya, ngunit nagkunwari na lang siya na alam iyon. "Y-yes…"

Oblivious sa pagtalilis ng pawis sa gilid ng mukha niya, nagpatuloy si Adrian sa salaysay nito. "Nakita niya si—Louie, right? At some party a couple of months ago. Boracay, I think. Mantakin mong sinabi sa akin na akala niya ikaw raw 'yon. Pero itinama siya ng asawa niya, na exec pala d'on sa *DC* na pinagtatrabahuhan ng kapatid mo." He chuckled. "Funny, huh?"

"Yeah," mahinang bitiw ni Louisa. "Funny." Kumurap-kurap siya. Uminom ulit ng juice. "W-we get that all the time, believe it or not. Hassle nga minsan."

Ever since magsimulang humataw sa commercials ang kakambal, hindi na mabilang ni Louisa kung ilang beses siyang in-approach ng kung sinong random passerby, excited na nagtatanong kung siya iyong girl sa bangus-flavored instant noodles commercial.

"Well, I could understand how that could be a hassle sa younger sister mo," ani Adrian. "But in your case, Mia? Hardly."

She shrugged. "Well… I am the one who's famous. Kind of."

"Modest pa."

"Ulol." At sapagkat any further ay mamanasin na ang pisngi ni Louisa sa kahihiyan, sinikap niyang i-distract ang sarili sa pamamagitan ng pagkukot sa kanyang butter caramel mousse.

Tumawa lang si Adrian. Iniangat ang sariling baso ng inumin sa bibig. "When will I get to meet her, anyway?"

"S-sino?"

"'Yung younger sister mo na not-so-famous."

*Na-meet mo na siya*, tahimik namang reply ng kanyang isip. *You're talking to her right now, actually.*

"Some other time pa, I guess." Sinikap niyang huminga nang normal at banayad. "Why, er… ba't mo ba siya gustong makilala, if I may ask?"

It was his turn to shrug. "No particular reason," flippant na bitiw ng binata. "Close kayo, ikaw na rin mismo ang nagsabi. Curious lang ako kung kasing-kalog mo siya or whether that particular trait ay unique sa 'yo at hindi hereditary." He grinned. "Bakit, jealous ka? Kesyo baka kaliwain kita? Don't

worry, Mia. Ikaw lang ang nag-iisang babae sa puso ko."

Umastang nasuka ang tinawag na 'Mia' sa ganoon ka-cheesy na paratang. "Yuck!"

Gayunpaman, sa kung anong kadahilanan, dagling bumilis ang pagtibok ng kanyang puso.